

Mga gawain sa Hajj (ang paglakbay sa Makkah na may layuning isagawa ang mga rituwal ng Hajj)			
Ang araw	<b>IFRAD</b> (Ang pagsasagawa ng Hajj lamang)	<b>QIRAN</b> (Ang pagsasagawa na pinagsama ang Hajj at Umrah)	<b>TAMATTUA</b> (Ang pagsasagawa ng Umrah at pagkatapos ay ang Hajj)
Mga ginagawa bago ang ika-8 araw ng Dhul-Hijjah	1-Magsuot ng Ihram sa Meeqat (itinakdang himpilan) at pagkatapos ay bigkasin ang Talbiyyah. (Labbayka Hajjan). 2-Umikot sa palibot ng Ka'bah [Tawaf Al-Quduum (Sunnah)]. 3-Magsagawa ng Sa'ey; Kung ito'y nais isagawa una pagkatapos ng Tawaf Al-Quduum. At kung hindi, maaring pumunta sa Mina agad, at saka na isasagawa ang Sa'ey kung kailan matapos maisagawa ang Tawaf Al-Ifadah (Tawaf ng Hajj), subalit magpapatuloy sa pagsusuot ng Ihram hanggang sa araw ng Nahr (ika- 10 araw ng Dhul-Hijjah).	1-Magsuot ng Ihram sa Meeqat at pagkatapos ay bigkasin ang Talbiyyah. (Labbayka Umratna wa Hajjan). 2-Umikot sa palibot ng Ka'bah [Tawaf Al-Quduum (Sunnah)]. 3-Magsagawa ng Sa'ey; kung ito'y nais isagawa una pagkatapos ng Tawaf Al-Quduum. At kung hindi, maaring pumunta sa Mina agad, at saka na isasagawa ang Sa'ey kung kailan matapos maisagawa ang Tawaf Al-Ifadah (Tawaf ng Hajj), subalit magpapatuloy sa pagsusuot ng Ihram hanggang sa araw ng Nahr (ika- 10 ng Dhul-Hijjah).	1-Magsuot ng Ihram sa Meeqat at pagkatapos ay bigkasin ang Talbiyyah, (Labbayka Umratna Mutamatti-am biha ilal Hajj). 2-Magsagawa ng pag-ikot sa Ka'bah – Tawaf Al-Quduum – (para sa Umrah). 3-Magsagawa ng Sa'ey. 4-Magpapagupit ng buhok o magpapaahit. 5-Maghubad ng kasuutan ng Ihram at sa katayuan nito. Tumigil, na may kalayaang gawin ang anumang mga ipinagbabawal habang nasa kalagayan ng Ihram hanggang sa araw ng Tarwiyyah (ika- 8 araw ng Dhul-Hijjah).
<b>Ika- 8 araw ng Dhul-Hijjah</b>	Pumunta sa Mina at magsagawa roon ng Salah sa Dhuhr, Asr, Maghrib, Isha, at Fajr na paiikliin ng dalawang rak-ah – ang binubuo ng tig-aapat na rak-ah – nang hindi pagsamahin.		Pumunta sa Mina pagkatapos magsuot ng Ihram sa lugar na kinaroroonan, at magsagawa roon ng Salah sa Dhuhr, As' r, Maghrib, Isha at Faj' r na paiikliin ng dalawang rak-ah – ang binubuo ng tig-aapat na rak-ah – nang hindi pagsamahin.
<b>Ika- 9 araw ng Dhul-Hijjah (araw ng Arafah)</b>	1-Pumunta sa Arafah pagkatapos sumikat ng araw at magsagawa roon ng Salah sa Dhuhr at As' r na paiikliin at pagsamahin – Jama' Taqdeem – ng iisang Adhan at dalawang Iqamah, Nakabubuting dalasan ang paggunita at pananalangin sa Allah. Ang wastong kaparaanan nito ay nakaharap sa Qiblah habang nananalangin at hindi ang pagharap sa Bundok. Gayon din nakabubuting itaas ang mga kamay habang nananalangin batay sa gawain ng Propeta ﷺ, Hindi itinatagubilin sa nagsasagawa ng Hajj ang pag-aayuno sa araw ng Arafah. Ang lambak ng Uranah ay hindi bahagi ng Arafah, kaya't hindi ipinahihintulot ang pagtigil doon. Gayon din ang pag-akyat sa Bundok, ito'y hindi itinatagubilin sa nagsasagawa ng Hajj. 2-Pumunta sa Muzdalifah kapag natiyak na lumubog na ang araw ng may kapanatagan at kahinahonan. 3-Magsagawa ng Maghrib at `Isha sa sandaling sumapit sa Muzdalifah na pinaikli at pagsamahin sa iisang Adhan at dalawang Iqamah. 4-Mamulot ng pitong munting bato para sa paghagis sa Jamaratul-Aqabah (ang malaking Jamrah – na nasa dakong bahagi ng Makkah). At kung kinuha ito sa Mina ito'y ipinahihintulot din. 5-Magpagabi sa Muzdalifah. Isasagawa rito ang Fajr nang maaga, at dalasan ang pananalangin at paggunita pagkatapos ng Salah, at nakabubuting manatili sa dakong bahagi ng Mash-aril-Haram at dalasan ang pananalangin hanggang sa magliwanag nang husto ang langit bago tuluyang sumikat ang araw. At para sa mga mahihina ipinahihintulot ang paglisan mula sa kinaroroonan pagkalipas ng hating-gabi (paglubog ng buwan).		
<b>Ika- 10 araw ng Dhul-Hijjah</b>	<b>Ang pagpunta sa Mina bago sumikat ang araw</b> 1-Maghagis ng pitong munting bato (nang isa-isa lamang) sa Jamaratul-Aqabah (ang malaki) habang binibigkas ang Takber (Allaahu Akbar) sa bawat paghagis ng bato. 2-Magpapaahit o Magpapagupit ng buhok, subalit ang pagpapaahit ay higit na mainam, samantala ang babae ay magpuputol lamang ng isang pulgada sa lahat ng dulo ng kanyang buhok. 3-Maghubad ng kasuutang Ihram at magsuot ng pangkaraniwang kasuutan (At-Tahallul Al-Asgar). 4-Magsagawa ng Tawaf Al-Ifadah (pag-ikot sa palibot ng Kaabah). Ito'y maaaring ipagpaliban hanggang sa ika-11, ika-12 o isabay at pagsamahin sa Tawaf Al-Widaa' (At-Tahallul Al-Akbar). 5-Magsagawa ng Sa'ey pagkatapos ng Tawaf Al-Ifadah. Kung hindi ito naisagawa pagkatapos ng Tawaf Al-Quduum.	<b>Ang pagpunta sa Mina bago sumikat ang araw</b> 1-Maghagis ng pitong munting bato (nang isa-isa lamang) sa Jamaratul-Aqabah (ang malaki) habang binibigkas ang Takber (Allaahu Akbar) sa bawat paghagis ng bato. 2-Mag-alay ng Hady (kamelyo, baka, tupa o kambing), puwera ang mga naninirahan sa Haram, dahil hindi itinatagubilin sa kanila ang mag-alay ng Hady. 3-Magpapaahit o magpapagupit ng buhok, subalit ang pagpapaahit ay higit na mainam, samantala ang babae ay magpuputol lamang ng isang pulgada sa lahat ng dulo ng kanyang buhok. 4-Maghubad ng kasuutang Ihram at magsuot ng pangkaraniwang kasuutan (At-Tahallul Al-Asgar). 5-Magsagawa ng Tawaf Al-Ifadah. Ito'y maaaring ipagpaliban hanggang sa ika-11, ika-12 o isabay at pagsamahin sa Tawaf Al-Widaa' (At-Tahalul Al-Akbar). 6-Magsagawa ng Sa'ey pagkatapos ng Tawaf Al-Ifadah. Kung hindi ito naisagawa pagkatapos ng Tawaf Al-Quduum.	<b>Ang pagpunta sa Mina bago sumikat ang araw</b> 1-Maghagis ng pitong munting bato (nang isa-isa lamang) sa Jamaratul-Aqabah (ang malaki) habang binibigkas ang Takber (Allaahu Akbar) sa bawat paghagis ng bato. 2-Mag-alay ng Hady (kamelyo, baka, tupa o kambing), puwera ang mga naninirahan sa Haram, dahil hindi itinatagubilin sa kanila ang mag-alay ng Hady. 3-Magpapaahit o magpapagupit ng buhok, subalit ang pagpapaahit ay higit na mainam, samantala ang babae ay magpuputol lamang ng isang pulgada sa lahat ng dulo ng kanyang buhok. 4-Maghubad ng kasuutang Ihram at magsuot ng pangkaraniwang kasuutan (At-Tahallul Al-Asgar). 5-Magsagawa ng Tawaf Al-Ifadah. Ito'y maaaring ipagpaliban hanggang sa ika-11, ika-12 o isabay at pagsamahin sa Tawaf Al-Widaa' (At-Tahalul Al-Akbar). 6-Magsagawa ng Sa'ey. Ito'y ipinahihintulot ding ipagpaliban tulad ng Tawaf Al-Ifadah.
<b>Ika- 11 araw ng Dhul-Hijjah</b>	1-Magpapagabi sa Mina sa gabi ng ika- 11 araw ng Dhul-Hijjah. 2-Maghagis sa tatlong Jamarah, pitong munting bato sa bawat Jamarah sa sandaling lumampas na ang katanghaliang tapat. Magsisimula una sa maliit at pagkatapos ay sa gitna at pagkatapos ay sa malaki. Manalangin habang nakatayo pagkatapos humagis sa maliit at sa gitna (lamang).		
<b>Ika- 12 araw ng Dhul-Hijjah</b>	1-Magpapagabi sa Mina sa gabi ng ika- 12 araw ng Dhul-Hijjah. 2-Maghagis sa tatlong Jamarah, pitong munting bato sa bawat Jamarah sa sandaling lumampas na ang katanghaliang tapat. Magsisimula una sa maliit at pagkatapos ay sa gitna at pagkatapos ay sa malaki. Manalangin habang nakatayo pagkatapos humagis sa maliit at sa gitna (lamang). Ipinahihintulot sa nagsasagawa ng Hajj na lumisan nang maaga mula sa Mina bago lumubog ang araw at isagawa ang Tawaf Al-Widaa' (Tawaf na pamamaalam).		
<b>Ika- 13 araw ng Dhul-Hijjah</b>	1-Magpapagabi sa Mina sa gabi ng ika- 13 araw ng Dhul-Hijjah. 2-Maghagis sa tatlong Jamarah, pitong munting bato sa bawat Jamarah sa sandaling lumampas na ang katanghaliang tapat. Magsisimula una sa maliit at pagkatapos ay sa gitna at pagkatapos ay sa malaki. Manalangin habang nakatayo pagkatapos humagis sa maliit at sa gitna (lamang). 3-Lumisan mula sa Mina papuntang Makkah at magsagawa ng Tawaf Al-Widaa' (Tawaf na pamamaalam). Ito'y hindi itinatagubilin sa babaeng dinatnan ng buwanang dalaw o kapapanganak lamang.		
<b>PUNA</b>	<b>Pagkatapos ng At-Tahallul Al-Awwal (unang paghuhubad ng kasuutang Ihram), Ipinahihintulot sa nagsasagawa ng Hajj ang lahat ng bagay – na ipinagbabawal habang nasa kalagayan ng Ihram – maliban sa babae. Samantala pagkatapos ng At-Tahallul Al-Akbar (huling paghuhubad ng kasuutang Ihram). Ipinahihintulot sa nagsasagawa ng Hajj ang lahat ng bagay pati na ang babae (ang asawa).</b>		
<b>PAALAALA</b>	Ang mga araw ng Hajj ay araw ng pananalangin, paggunita, pagbabasa at pag-aanyaya tungo sa Allah. Kaya't samantalain ang oras sa mga kapupulutan ng aral at kapaki-pakinabang. Iwasan ang pagtalakay sa mga walang kabuluhan at katuturan. Sinabi ng Allah : ﴿ <b>الْحَجُّ أَشْهُرٌ مَعْلُومَاتٌ فَمَنْ فَرَضَ فِيهِنَّ الْحَجَّ فَلَا رَفْتٌ وَلَا فُسُوقٌ وَلَا جِدَالٌ فِي الْحَجِّ</b> ﴾ Al-Baqarah: 197 { Ang Hajj ay (nasa) mga kilalang buwan (Shawwal, Dhul-Qaidah at Dhul-Hijjah). Kaya't sinumang may layuning magsagawa ng Hajj sa panahong ito (sa kalagayan ng Ihram). Magkagayon walang pagsiping (sa asawa), walang gawaing kasuwailan at walang pagtatalo habang sa Hajj}.		

# أعمال الحج

[ باللغة الفلبينية (تجالوج) ]

## MGA GAWAIN SA HAJJ

INIHANDA NI :

SHAIKH DR. ABDULLAH BIN JIBREEN  
15/11/1420 H.

**Isinalin sa wikang Tagalog ni:**  
**Muhammad Taha Ali**

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

**ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH**

P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065

FAX 4970126 - e-Mail: fil@islamhouse.com

www.islamhouse.com

### ANG MGA RUKN (SALIGAN) NG HAJJ

1- Ihram; Ito ay ang pagtatakda ng layunin sa pagpasok sa pagsasagawa ng mga rituwal na gawain.  
2- Ang pagtigil sa Arafah.  
3- Tawaf Al-Ifadah (ang pitong beses na pag-ikot sa palibot ng Kaabah, para sa Hajj sa ika- 10 araw ng Dhul-Hijjah).  
4- Sa'ey; (ang pagbalik-balik sa Safa at Mar-wah (7x), magsisimula sa Safa at magtatapos sa Marwah).

\* Ang sinumang di nakapagsagawa ng isa sa mga saligan. Hindi ganap ang kanyang Hajj hangga't hindi niya naisasagawa ito.

### ANG MGA WAJIB (KANAIIS-NAIS NA ISAGAWA) SA HAJJ.

1- Ang pagsuot ng Ihram sa Meeqat (itinakdang himpilan na pagsusuutan nito).  
2- Ang pagtigil sa Arafah hanggang sa paglubog ng araw.  
3- Ang pagpapagabi sa Muzdalifah.  
4- Ang pagpapagabi sa Mina sa mga gabi ng Tashreeq ( ang ika-11, ika-12, at ika-13 ng Dhul-Hijjah).  
5- Ang paghagis ng munting bato sa Jamarah.  
6- Ang pagpapaahit o pagpapagupit ng buhok.  
7- Ang pagsasagawa ng Tawaf Al-Widaa' (Tawaf na pamamaalam).

\* Ang sinumang nakaligtaan ang isa sa mga Wajib. Kailangan siyang maghandog ng hayop (Dam), kakatayin niya ito sa Haram at ipamamahagi sa mga mahihirap sa Haram.

### ANG MGA SUNNAH (MABUBUTING GAWAIN NA DI NAMAN UBLIGADO) SA HAJJ:

\* Ang sinumang nakaligtaan ang isa sa mga Sunnah, siya ay walang sala.

1-Ang pagsagawa ng Ghusl (paghuhugas ng lahat ng bahagi ng katawan) bago magsuot ng Ihram.  
2-Ang pagsuot ng Ihram – ito ay ang izar (tapis na puti) at rida' (balabal na puti) – para sa mga kalalakihan.  
3-Ang pagbigkas ng Talbiyyah (Labbayka Hajjan).  
4-Ang pagpapagabi sa Mina sa gabi ng Arafah.  
5-Ang pananalangin pagkatapos ng paghagis sa Al-Jamrah As-Sughra (ang maliit) at sa Al-Jamarah Al-Wusta (ang nasa gitna).  
6-Ang pagsasagawa ng Tawaf Al-Quduom (ang kauna-unahang Tawaf na isinasagawa sa sandaling pagsapit sa Masjid Al-Haram) para sa Ifrad at Qiran.

### ANG MGA IPINAGBABAWAL MATAPOS MAGSAGAWA NG IHRAM

1-Ang pag-aalis ng buhok.  
2-Ang pagputol ng mga kuko.  
3-Ang pagtatakip ng lalaki sa kanyang ulo ng anumang sumasayad o dumidiit dito.  
4-Ang pagsusuot ng damit na may tahi sa sukat ng katawan (para sa mga kalalakihan lamang).  
5-Ang paggamit ng pabango o mabangong bagay.  
6-Pagpatay ng mailap na hayop.  
7-Ang pagyakap, paghipo at paghalik sa asawa nang may pagnanasa.  
8-Ang pagkakasundo sa kasal.  
9-Ang pakikipagtalik.

\* Ang sinuman ang nakagawa ng isa sa mga ipinagbabawal sanhi ng pagkalimot, kawalang kaalaman o pinuwersa. Siya ay walang anumang pananagutan.

### HADY

**(ang hayop na kinakatay bilang alay)**

Ang lugar na pinagkakatayan nito: Sa Mina, maaari rin sa Makkah at sa ibang dako ng Haram.

Ang uri nito: Kamelyo, Baka, Tupa o Kambing.

Ang takda ng gulang nito: Ang tupa - 6 buwan/ ang kambing - isang taon/ ang baka - 2 taon/ ang kamelyo - 5 taon.

Ipinahihintulot ang isang tupa o isang kambing para sa isang tao, at ang isang baka o isang kamelyo para sa pito katao.

Ang sinumang walang matagpuang Hady o walang pambili. Kailangan siyang mag-ayuno ng tatlong araw sa araw ng Hajj at pitong araw kapag siya ay nakauwi na sa kanyang mag-anak.

Gayon din ipinahihintulot sa kanya na pag-aayunuhan ito nang sunod-sunod na araw o magkakahiwalay na araw bago ang araw ng Eid o pagkatapos nito.